JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Eksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 1:
## Mga Dahilan ng Kolonyalismong Espanyol



Pangalan: ______________________________________

Baitang/Seksyon: ________________________________

Paaralan: ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Teresita J. Cainta
**Editor:** Florence S. Gallemit
**Tagasuri:** Lindo O. Adasa Jr.
Florence S. Gallemit
Dr. Jephone Yorong
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Amancio B. Cainta, Jr.
**Tagalapat:** Peter Alavanza, Teresita J. Cainta
**Tagapamahala:** Dr. Ella Grace M. Tagupa
Dr. Jephone P. Yorong
Florence S. Gallemit
Jose C. Overa
Macaria A. Manuta



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- makapagpapaliwanag sa mga dahilan ng kolonyalismong Espanyol.



# Balikan

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tama?
  A. Nang dumating ang mga Espanyol, saka na natuto ang mga sinaunang Pilipinong maging malikhain.
  B. Bibliya ang tawag sa banal na aklat ng mga Muslim.
  C. May dalawang anyo ang panitikan ng mga sinaunang Pilipino.
  D. Pare-pareho ng tirahan ang mga sinaunang Pilipino.

2.) Paano mo mailalarawan ang panahanan ng mga Pilipino noon?
  A. Malalaki ang mga tirahan ng mga sinaunang Pilipino.
  B. Pare-pareho ang uri ng tirahan ng mga sinaunang Pilipino.
  C. Lahat ng mga sinaunang Pilipino ay naninirahan sa yungib.
  D. Ang estruktura ay naaayon sa topograpiya ng kanilang lugar, industriya at ikinabubuhay dito.

3.) Alin ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino?
  A. Pagmamahal sa mga banyagang artista
  B. Pakikinig at pag-awit ng mga musikang Pinoy
  C. Pagsasayaw ng mga makabagong banyagang sayaw
  D. Pagbabalewala sa mga sining at kulturang Pilipino

4.) Gaano kahalaga ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino?
  A. Mahalaga ito sa pagdami ng makabagong teknolohiya.
  B. Mahalaga ito sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng ating kultura.
  C. Mahalaga ito sa pag-angat ng ating negosyo.
  D. Mahalaga ito sa pagpapadami ng ating mga produkto.


5.) Alin ang hindi pamahiin ng mga Filipino?
  A. Pagpapaputok tuwing Bagong Taon para maalis ang malas
  B. Hindi pagsusuklay sa gabi
  C. Paggala muna pagkatapos dumalo sa libing
  D. Maagang pagtulog sa gabi

| Aralin 1 | Mga Dahilan ng Kolonyalismong Espanyol |
| --- | --- |



# Tuklasin

Tunghayan ang larawan. Subukang sagutin ang mga kasunod na katanungan. Isulat sa inilaang patlang ang iyong sagot.



**Tanong:**

1. Anong damdamin kaya ang ipinapakita sa larawan?

   **Sagot:** ______________________________________________

2. Bakit kaya nilabanan niya ang mga dayuhang ito?

   **Sagot:** ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Kung may magtatangkang sakupin ang inyong lugar sa ngayon, gagayahin mo rin ba ang ginawa ng nasa larawan? Bakit?

   **Sagot:**______________________________________________

   ______________________________________________

Sa araling ito, malalaman mo kung ano ang konseptong **kolonyalismo** at kung bakit sinakop ng mga Espanyol ang Pilipinas.



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

## KATUTURAN NG KOLONYALISMO

Ang salitang **kolonyalismo** ay tumutukoy sa isang patakaran ng tuwirang pagkontrol ng malakas na bansa sa isang mahinang bansa. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagkontrol sa kalagayang pampolitika ng isang bansa, sa paninirahan sa lugar, at sa pagkontrol sa paglinang ng likas-yaman nito. Tinatawag na **kolonya** ang bansang tuwirang kinontrol at sinakop nito.

Nagsimula ang pagsagawa ng kolonyalismo sa daigdig nang magtagumpay ang mga Kanluranin sa pagtuklas ng mga bagong lupain. Ang panahong ito ay tinawag na **Panahon ng Paggalugad at Pagtuklas** na naganap mula ika-15 hanggang ika-17 siglo.

Sa panahon ng paggalugad at pagtuklas, naging aktibo ang maraming bansa sa Europe na maglayag at magtungo sa mga hindi pa nararating na bahagi ng daigdig. Ang mga bansang **Portugal** at **Spain** ang nanguna at ang dalawang kilalang magkakompitensiya sa paglalayag at paghahanap ng mga bagong lupain.

Sa ilalim ng pamumuno nina **Haring Ferdinand at Reyna Isabella ng Spain** ay naging mapangahas ang mga Espanyol sa paggalugad ng mga teritoryo sa labas ng Europe.

# DAHILAN NG PANANAKOP


May tatlong dahilan kung bakit sinakop ng Espanyol ang Pilipinas. Ito ay ang mga sumusunod:

- upang maangkin ang mga likas na yaman;
- upang mapalaganap ang Kristiyanismo; at
- upang maging tanyag ang Spain sa Europe.

Nadiskubre ng mga manlalayag na mga Espanyol ang mayamang kalikasan ng Pilipinas, kaya ninais nilang maging kolonya ito upang makuha ang mga kayamanang taglay.

Nais din nilang mapalaganap ang Kristiyanismo sa kanilang kolonya. Naging mahalagang ambag ng Espanya ang paglaganap ng paniniwala natin sa iisang Dakilang Diyos.

At panghuli, hinangad din ng mga Espanyol na makamit ang karangalan at kapangyarihan bilang nagungunang bansa sa paggalugad ng mga bagong lupain. Ang di-sinasadyang pagkatuklas nila sa Pilipinas ay nagbigay-daan upang madagdagan ang listahan nila sa paggalugad at pagsakop ng isang mahinang bansa, ngunit hitik sa kayamanan.



Ferdinand Magellan

Ang ekspedisyon ni **Ferdinand Magellan** noong 1519 hanggang 1522 ay itinuturing na isa sa pinakamatagumpay na paglalayag noong panahon ng paggalugad at pagtuklas. Dahil sa paghahanap ng bagong ruta patungong **Moluccas Islands**, na kilala rin bilang *Spice Islands*, hindi sinasadyang narating ng pangkat ni Magellan ang Homonhon noong Marso 16, 1521. Pinangalanan niya itong ***Archipielago de San Lazaro*** dahil kapistahan ng santo ang araw na iyon. Ang ekspedisyon niya ang nagpatunay na bilog ang mundo at tama ang paniniwala ni Christopher Columbus tungkol sa hugis ng daigdig.

Marami pang ekspedisyon ang ipinadala sa Pilipinas upang kontrolin at sakupin ang bansa, ngunit ang ekspedisyon ni **Miguel Lopez de Legazpi** noong 1565 ang hudyat ng tuluyang pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas. Nasakop niya ang Cebu at itinatag niya rito ang kauna-unahang pamayanang Espanyol sa bansa. Sunod siyang nagtayo ng pamayanang Espanyol sa Masbate, Ticao, Burias, Mindoro, Mamburao, Albay, at Maynila.



# Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang bawat pahayag. Kulayan ng dilaw ang mga pangungusap na nagsasaad ng mga dahilan ng pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas.

1.) Nais na ipalaganap ng Espanya ang Kristiyanismo sa ating bansa.
2.) Gustong makapag-asawa ng magagandang katutubo ang mga Espanyol.
3.) Gustong makuha ng Espanya ang kayamanang taglay ng Pilipinas.
4.) Hinangad ng Espanya na maging sikat sa buong Europe sa pangunguna sa paggalugad ng mga bagong lupain.
5.) Napahanga ang mga Espanyol sa katutubong kultura ng mga sinaunang Pilipino, kaya nais nilang sakupin ito.



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** Bilugan ang salitang nakapagpapamali sa bawat pahayag.

1.) Ang **Panahon ng Paggalugad at Pagtuklas** ay naganap mula ika-15 hanggang ika-17 taon.
2.) Ang mga bansang Amerika at Spain ang dalawang kilalang magkakompitensiya sa paglalayag at paghahanap ng mga bagong lupain.
3.) Tinatawag na **kolonyalismo** ang bansang tuwirang kinontrol at sinakop ng isang malakas na bansa.
4.) Sinakop tayo ng Spain upang mapalaganap ang Islam, maangkin ang ating likas-yaman, at maging tanyag ito sa buong Europa.
5.) Ang ekspedisyon ni Magellan ang naging hudyat ng tuluyang pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas.

**Gawain B**

**Panuto:** Punan ang patlang ng kaisipang tinutukoy.

1.) Ang _________ay tumutukoy sa isang patakaran ng tuwirang pagkontrol ng malakas na bansa sa isang mahinang bansa.
2.) Tinatawag na ________ ang bansang sinakop ng isang makapangyarihang bansa.
3.) Ang ekspedisyon ni ____________ ang pinakaunang ekspedisyong nakarating sa Pilipinas na nagpapatunay sa paniniwala ni Columbus na bilog ang mundo.

4.) Ang pangalang ibinigay ni Ferdinand Magellan sa Pilipinas nang makarating siya ng Homonhon ay ______________.

5.) Ang ibang tawag ng Moluccas Islands ay ___________.



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan kong kaya pala sinakop ng mga Espanyol ang Pilipinas ay dahil pala sa ______________________________, ________________________________,at ________________________________.

Nalaman ko ring magkakompitensiya ang _________ at __________ sa pagtuklas ng mga bagong lupain sa hindi pa nararating na bahagi ng daigdig.

Nabigo man sa pagsakop ng bansa si Ferdinand Magellan, napatunayan naman ng kanyang ekspedisyon na________________________________________.



Ang ekspedisyon ni ___________ ang nagbigay-daan sa pagbagsak ng Pilipinas sa kamay ng Espanya.



# Tayahin

**I. Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

___1.) Ano ang tawag sa isang patakaran ng tuwirang pagkontrol ng malakas na bansa sa isang mahinang bansa?
A. kolonya B. kolonyalismo C. caravel D. compass

___2.) Ano ang tawag sa bansang tuwirang kinontrol at sinakop ng isang makapangyarihang bansa?
A. kolonya B. kolonyalismo C. caravel D. compass

___3.) Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pagsakop ng Espanya sa Pilipinas, MALIBAN sa isa. Alin ito?
A. Para maangkin ang mga likas na yaman ng bansa
B. Para mapalaganap ang Kristiyanismo sa Pilipinas
C. Para mapalaganap ang Islam sa buong kapuluan
D. Para maging tanyag sa Europe sa paggalugad ng mga bagong lupain.

___4.) Ang ekspedisyon ni Magellan ang pinakaunang ekspedisyong nakarating sa Pilipinas. Paano niya natuklasan ang ating bansa?
A. Dahil sa paghahanap ng bagong ruta patungo sa Moluccas Islands
B. Dahil sa nakatatawag-pansing kabuuang anyo ng Pilipinas
C. Dahil sa pakikipagkalakalan ng mga Espanyol sa mayamang bansa
D. A at B

___5.) Sang-ayon ka ba sa hangarin ng mga Espanyol na manakop kung kaya't naging abala sila sa pagtuklas ng mga bagong lupain?
A. Oo, dahil wala naman tayong magagawa dahil mayamang bansa sila.
B. Oo, dahil magandang ambag naman sa ating lahi ang Kristiyanismo.
C. Hindi, dahil iyan ay makasariling layunin na ikapapahamak natin.
D. A at B

**II. Panuto:** Isulat ang iyong ***buong pangalan*** kung tama ang pahayag at ang iyong ***palayaw*** naman kung mali.

________6.) Ang Kristiyanismo ang pinakamahalagang ambag ng mga Espanyol sa lahing Pilipino.
________7.) Sinakop ng mga Espanyol ang Pilipinas dahil sa taglay nitong likas na yaman.
________8.) Ang ekspedisyon ni Legazpi ang nagpapatunay na bilog ang mundo.
________9.) Napatay ni Magellan si Lapu-Lapu sa labanan sa Mactan.
_______10.) Itinatag ni Miguel Lopez de Legazpi sa Maynila ang kauna-unahang pamayanang Espanyol sa Pilipinas



# Karagdagang Gawain

Kung susulat ka ng liham sa hari ng Espanya ngayon, ano kaya ang iyong ipapahayag na damdamin/saloobin ukol sa mga dahilan ng pananakop nila sa atin noon? Sumulat ng liham sa pamamagitan ng paglalagay ng angkop na mga salita sa nakalaang espasyo sa ibaba. Gawing batayan ang rubrik sa pagkuha ng puntos. ***(15 puntos)***

**RUBRIK SA PAGSULAT NG LIHAM**

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Hindi masyadong malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Lumihis sa ipinapagawa o sa dapat ipapahayag na mensahe ng gawain. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Gramatika at Pagbaybay** | Walang mali sa pagbaybay at gramatika. | May 1-5 mali sa pagbaybay at gramatika. | May 6 o higit pang mali sa pagbaybay at gramatika. |
| **Kalinisan** | Napakalinis ng awtput; walang makikitang bura at nasusunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 1-5 pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 6 o higit pang pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. |

Barangay__________________
Lungsod ng ________________
Ika-___ng______________, 2020

Mahal kong Kamahalan,

Magandang araw po! Sana ay nasa mabuting kalagayan po kayo.

Sumulat po ako para sabihin ang tunay na saloobin ko sa inyong pananakop noon sa aming mahal na bansang Pilipinas.

Alam po ba ninyong_________________________________________

__________________________________________________________?

Naniniwala po akong ang inyong ginawang pagsakop sa amin ay

__________________________________________________________

__________________________________________________________.

Sana po ay__________________________________________________

__________________________________________________________.

Malaking karangalan po sa akin kung mababasa po ninyo ang nilalaman ng aking sulat. Sana po ay maging daan ito para sa mas matatag na relasyon ng ating mga bansa.

Lubos na gumagalang,

________________________

# Susi sa Pagwawasto

Balikan

1. C
2. D
3. B
4. B
5. D

Pagyamanin

1.) Nais na ipalaganap ng Espanya ang Kristiyanismo sa ating bansa.

3.) Gustong makuha ng Espanya ang kayamanang taglay ng Pilipinas.

4.) Hinangad ng Espanya na maging sikat sa buong Europe sa pangunguna sa paggalugad ng mga bagong lupain.

**Gawain A**

1. taon
2. Amerika
3. kolonyalismo
4. Islam
5. Magellan

**Gawain B**

1. **kolonyalismo**
2. **kolonya**
3. **Ferdinand Magellan**
4. **Archipielago de San Lazaro**
5. **Spice Islands**

Tayahin

1. B
2. A
3. C
4. A
5. C
6. *(buong pangalan)*
7. *(buong pangalan)*
8. *(palayaw)*
9. *(palayaw)*
10. *(palayaw)*

# Sanggunian:


Lobaton-Hernandez, V. (1999). *Pamana 5.* Quezon City: Christian Publishing., pp. 60-70

Lydia N. Agno, R. D. (2006). *Marangal na Pilipino 5.* Quezon City: Vibal Publishing House, Inc., pp. 32-33

Maria Annalyn P. Gabuat, M. M. (2016). *Araling Panlipunan 5, Pilipinas Bilang Isang Bansa.* Quezon City: Vibal Group, Inc., pp. 104-115

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.